

# Ang Ambag at Gampanin ng *Cementerio General de la Loma* sa Lipunang Pilipino Noong Panahon ng mga Espanyol, 1863-1884

**Chen V. Ramos**

Unibersidad ng Pilipinas - Diliman

chen.ramos@upd.edu.ph

## ABSTRAK

Nakatanim na sa siklo ng búhay at kamatayan ng mga Pilipino ang mga ritwal at kultura hinggil sa paglilibing sa mga yumao. Itinuturing itong paraan upang maipagpatúloy ang kaginhawahan sa loob ng isang barangay o pamayanan upang maproteksiyonan at maging maayos ang kondisyon o/at estado ng pamumuhay ng mga táong naninirahan sa loob nito. Sa pagpasok ng mga Espanyol sa Pilipinas, ipinakilala nila ang bagong interpretasyon sa paglilibing batay sa paniniwalang Kristiyano at ang paggamit ng mga sementeryo bílang espasyo ng mga yumao. Ang ipinatayong mga *cementerio general*, partikular na ang *Cementerio General de La Loma*, ay repleksiyon ng tuwirang pagbabago ng mga Espanyol sa paniniwalang Pilipino ukol sa paglilibing at huling hantungan. Ang kasaysayan ng *Cementerio General de La Loma* ay magsisilbing palatandaan ng mayabong na paniniwala at pakikipagtunggali ng mga Pilipino na ipagpatúloy ang kultura at paniniwala sa hulíng hantungan noong Panahon ng mga Espanyol. Ang paniniwala ng mga Pilipino sa kahalagahan ng himlayan sa siklo ng búhay at kamatayan ang mag-uugnay sa buong kasaysayan ng *Cementerio General de La Loma* at magbibigay-saysay sa kabuluhan nito sa lipunang Pilipino noong Panahon ng mga Espanyol.

**Mga Susing Salita:** *Cementerio General de La Loma*, kamatayan, paglilibing, lipunang Pilipino, himlayan

## PANIMULA

Isa sa mga katangian ng tao na nagpapaiba sa kaniya sa hayop ang pagkakaroon ng malawak na ritwal para sa mga yumao. Ang bawat lahi at kultura ay may sariling pamamaraan upang ipakita ang paggalang at pasasalamat sa dakilang ambag ng kanilang mga ninuno noong nabubúhay pa ang mga ito. Ayon sa pag-aaral ni F. Landa Jocano, may iba't ibang proseso ng paglilibing ang sinaunang mga Pilipino, katulad ng paggamit ng mga banga bílang himlayan ng mga yumao, paghuhugas ng mga buto para sa sekundaryang paglilibing na bahagi ng paghahatid sa huling hantungan, at iba pa (Jocano 133). Para sa mga Mangyan, ang pagtutulungan ng magkakapitbahay sa pagsasaayos ng buong proseso ng paglilibing ay bahagi ng pakikipagkapuwa. Hinuhukay ang isang bakanteng espasyo upang bumuo ng isang malalim na hukay at dito inililibing ang katawan ng yumao sa loob ng isang taon, at pagkalipas ng nasabing panahon ay ililipat ito sa bahay para *punsyunin* (Postma 288). Ang nabanggit na mga ritwal ay mga halimbawa ng kultura at paniniwala ng mga Pilipino ukol sa kamatayan at paglilibing na hanggang sa kasalukuyan ay isinasagawa pa rin sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.

Ayon sa mga talâ ng mga misyonerong Espanyol, ang iba't ibang rehiyon sa Pilipinas ay may mayamang paniniwala sa mga diyos. Kasama na rito ang mga paniniwala ukol sa kamatayan. Ayon kay Miguel de Loarca, tinawag ng mga Pilipino ang kanilang mga ninuno na *anitos*. Ang mga ito ay nagsilbi sa pinaniwalaang pangunahing diyos ng mga Pilipino na si *Batala* (Loarca, 36-37). Ang mga kamag-anak ng mga namatayan ay nag-alay kay *Batala* o *Bathala* ng mga bagay na maaaring inumin o kainin. Bahagi din ng kanilang pag-aalay ang paglalagay ng mga kagamitan na pinalamutian ng ginto gaya ng mga alahas, palayok, at iba pa upang humiling ng paggabay at proteksiyon mula kay Bathala. Ipinakita ng paniniwala ng lipunang Pilipino na hanggang sa huling hantungan ay nararapat na ipakita sa mga yumao ang kahalagahan ng mga naging ambag nila sa kanilang barangay na nagbigay ng kaginhawahan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan nito. Ang pagbibigay ng maayos at banal na huling seremonya at hantungan ay nangahulugan ng pagpapatúloy ng magandang gawi ng kanilang mga ninuno noong sila ay nabubúhay pa. Ang paniniwala sa kahalagahan ng pagbibigay ng maayos na huling hantungan para sa mga yumao ay nagpatúloy hanggang sa Panahon ng mga Espanyol kasabay ng pagpapakilala nila ng bagong espasyo sa mga patay na naaayon sa paniniwalang Kristiyano.

Sa unang bahagi ng kolonisasyon ng mga Espanyol sa Pilipinas, ipinakilala nila sa arkitekturang Pilipino ang mga estruktura katulad ng simbahan at sementeryo na nagtakda ng isang sentralisadong lugar para sa mga namatay na Pilipino. Kaakibat ng pagpapakilala ng bagong estruktura ay ang pagbibigay ng bagong kahulugan sa paniniwalang Kristiyano sa konsepto ng kamatayan. Ayon sa paniniwalang Kristiyano, nahahati ang siklo ng búhay ng tao sa tatlong bahagi: ang “kaligtasan ng kaluluwa” o *the salvation of the soul*, “búhay na walang hanggan” o *the immortality of the soul*, at ang paniniwala sa muling pagkabúhay ng katawan ni Kristo mula sa mundo ng kamatayan (Dakudao 133-135). Ang mga paniniwalang ito ay naging bahagi ng pagpapakilala ng mga Espanyol sa kanilang bagong relihiyon na tugma sa mga paniniwala at kultura ng mga Pilipino sa kahalagahan ng kamatayan. Upang masigurong maitatanim ng mga Espanyol ang bagong relihiyon at sistema ng arkitektura sa kulturang Pilipino, pinamahalaan ng mga misyonerong Espanyol ang mga Pilipino sa pagpapatayô ng iba’t ibang pampublikong gusali at inilapat ang mga kaalamang ito sa pang-araw-araw nilang búhay (Rojo 179). Ang mga unang imprastrukturang naitayo sa Pilipinas ay ang mga simbahan at mga sementeryong matatagpuan sa loob nito na malápit sa paniniwala ng mga Pilipino ukol sa pananampalataya at kamatayan.

Ang mga simbahan ang naging sentro ng pagkabúhay at kamatayan sa kulturang Kristiyano. Ang mga ito ang nagsilbing simbolo ng kapangyarihan at katatagan ng pananampalatayang Katoliko sa kolonya. Ngunit bunsod ng lumaking bílang ng mga namatay dahil sa iba’t ibang sakit na tumama noong ika-18 dantaon, nagpasá ng isang ordinansa noong Marso 27, 1789 na nagpatigil sa paglilibing sa loob ng simbahan matapos itong magdulot ng masama sa kalusugan ng mga residente at mga opisyal ng simbahan (Dakudao 138-140). Mula sa ordinansang ito, ang pagpapatayô ng mga sementeryo sa mga parokya ay ipinakilala sa Maynila upang magkaroon ng mas maraming libingan para sa mga yumao sa labas ng espasyo ng mga simbahan. Ang bawat lungsod at bayan ay may inilaang lugar para sa himlayan ng mga namatay bukod pa sa mga sementeryo sa loob ng simbahan. Mas malaking bílang ng mga yumao ang nailibing sa loob ng mga sementeryong parokyal kompara sa mga simbahang sementeryo. Ngunit katulad ng mga pangyayari sa mga sementeryo sa loob ng simbahan, nagkaroon din ng malaking suliranin sa kakayahan ng mga sementeryong parokyal na mailibing ang malaking bílang ng mga namatay sa loob ng espasyong sakop nito. Ang iba’t ibang epidemya at suliraning pangkapaligiran na nanalasa sa Kamaynilaan noong panahong iyon ang naging dahilan upang tumaas ang bílang ng mga namamatay at maging sanhi upang hindi maging ligtas ang mga lungsod at bayan sa mga mamamayan nito (Camagay 33).

Ang Pamahalaang Espanyol ay nagplanong ipatigil ang paglilibing sa mga sementeryo sa parokya sa kadahilanang mas nakadagdag lámang ito sa suliranin ng kolonyal na pamahalaan. Ang nakitang solusyon ng Pamahalaang Espanyol ay palitán ang mga sementeryong parokyal at simbahan ng isang mas sentralisadong sementeryo na katulad sa Europa na mapaglilibingan ng mas malaking bílang ng mga yumao na hindi makahahadlang sa sanitasyon at kaayusan ng mga lungsod at bayan. Ang *Cementerio General de Dilao o Paco* ang pinakaunang *Cementerio General* sa Pilipinas na matatagpuan sa Paco, Maynila. Ito ay ipinatayo noong 1812 bílang reaksiyon sa epidemya ng kolera sa Maynila (De Viana 87-89). Ang isang *cementerio general* ay isang sentralisadong uri ng sementeryo na pinaglilibingan ng malaking bílang ng mga táong namatay mula sa iba't ibang lungsod at probinsiya. Ang pagpapatayô ng isang *cementerio general* ang nakitang pangmatagalang solusyon ng Pamahalaang Espanyol upang matigil ang masamang epekto ng mga lokal na sementeryo sa kalusugan ng mga tao, at para mapanatili ang kaayusan ng mga bayan at lungsod.

Noong ika-19 na dantaon, iba't ibang suliraning pangkalusugan at pangkapaligiran ang muling nanalasa sa buong Kamaynilaan. Noong 1863, isang malakas na lindol ang tumama sa Kamaynilaan na naging dahilan upang lahat ng sementeryo sa mga parokya at ang *Cementerio General de Dilao o Paco* ay mapunô. Ang malawakang pagkamatay ng mga residente sa iba't ibang bahagi ng Maynila at karatig-probinsya ang naging dahilan upang magamit nang lubusan ang mga sementeryo sa loob nito. Ang pangyayaring ito ang nagbunsod upang magpatayo muli ang Pamahalaang Espanyol ng isang panibagong *cementerio general* na mas malaki kaysa sa naunang *Cementerio General de Dilao o Paco*. Ito ay ang *Cementerio General de La Loma* (Dakudao 135-137). Ang pagpapalano sa ikalawang *cementerio general* ay binigyang-pansin ng pamahalaan upang masigurong ito ay maitatayo sa tamang panahon at upang may mapaghimlayan ang dumaming nasawi dulot ng mga lumaganap na sakít sa panahong nabanggit. Makikita sa pagtalakay ng kasaysayan ng *Cementerio General de La Loma* ang kahalagahan at ambag nito sa lipunang Pilipino na muling nagbalik sa kaginhawahang nawala noong yugto ng kaguluhan at suliraning pangkapaligiran sa Panahon ng mga Espanyol.

### **ANG PAGAPLANO AT PAGPAPATAYÔ SA CEMENTERIO GENERAL DE LA LOMA, 1864-1882**

Sa 333 táong pananatili ng mga Espanyol sa Pilipinas, bukod sa pagpapalano at pagsasaayos ng kaalamang Pilipino ayon sa pamantayang Espanyol, nakaranas din ang mga mananakop ng iba't ibang suliranin sa kalusugan at kapaligiran na sumubok

sa kakayahan nilang pamunuan ang kanilang kolonya sa Timog-Silangang Asya. Isa na marahil sa pinakamapapaminsalang kalamidad na tumama sa panahong iyon ay ang lindol noong 1863 na nagpabago sa estado at pamumuhay ng mga residente ng Kamaynilaan noong ika-19 na dantaon (Newson 25-35). Binuksan nito ang kaisipan ng Pamahalaang Espanyol sa kahalagahan ng sementeryo upang gawing organisado ang sistema ng paglilibing at mapanatili ang kaayusan sa loob ng lipunang Pilipino. Noong 1864 ay nagsimula ang mga probisyon at pagpapalano sa pagpapatayô ng panibagong *cementerio general* sa Maynila upang gawing mas sentralisado ang sistema ng paglilibing sa lipunang Pilipino.

Batay sa ulat ni Vicente Carranceja, *Inspector General de Obras Públicas*, noong Hulyo 20, 1864, ang kawalan ng maayos na libingan ang nagdala ng pagkabalisa sa mga Pilipino at maging sa mga dayuhang nanirahan sa Maynila. Sa pagtaas ng bilang ng mga Espanyol sa Maynila, naging mahirap ang kanilang pamumuhay sa Pilipinas sapagkat walang maayos na lugar o tiráhang nakapagbigay sa kanila ng maayos na búhay. Maraming bahay gawa sa nipa na karaniwang tiráhan ng mga Pilipino ang nasunog kasabay ng lindol at karamihan sa mga bakanteng lupain ay pinagtayuan ng mga bahay upang magkaroon lámang ng maayos na panunuluyan sa gitna ng kalamidad. Naging pangunahing aksiyon ng mga Espanyol na maghanap ng mas malápit na lokasyon sa sentro ng pamahalaan upang maipagtúloy pa rin ang pamamahala sa mga Pilipino.

Ang labis na epekto ng lindol noong 1863 ay hindi inasahan ng pamahalaang kolonyal kayâ naging mahirap ang pagbuo ng mga agarang solusyon para rito. Ang Bayan ng Pasig ang naging kanlungan ng mga naapektuhan ng lindol. Maganda ang lokasyon ng Pasig para sa komersiyo dahil na rin sa kalapít nitong ilog na hindi malayô sa sentro ng pamahalaan at may maayos na sementeryo na maaaring pagtayuan ng maraming *nichos* (Carranceja 29). Ngunit dahil sa malaking bilang ng mga tao sa karatig-bayan na lumipat sa Pasig dahil sa probisyon ng Pamahalaang Espanyol, muling naging suliranin ang paglalagakan ng mga labî ng mga yumao. Ito ay sapagkat karamihan sa mga bangkay ay nagmula din sa mga táong nagsilipatan sa nasabing lugar. Naging suhestiyon ni Carranceja na magtayo ng isang bagong *cementerio general* sa Sampaloc dahil ito ay madaling mapupuntahan ng mga tao mula sa Bayan ng Pasig (Carranceja 31).

Mula sa naging suhestiyon ni Vicente Carranceja ay binigyang-pahintulot ng *Ayuntamiento* ang pagpapalano sa pagpapatayô ng bagong *cementerio general* sa Sampaloc. Mula sa naging mga obserbasyon ng pamahalaan sa naranasang

paghihirap ng mga residente, nakita nito na malaki ang maitutulong ng pagpapatayô ng bagong sementeryo upang maibalik sa normal ang kondisyon ng búhay at kalusugan ng buong Kamaynilaan. Ang pagpapatayô ng bagong sementeryo ay nakabawas sa kalungkutan ng mga Pilipino at nakapagbigay rin ng maayos na libingan sa mga naapektuhan ng kalamidad. Ang malungkot na atmospera ng sementeryo ay nakapagbigay-kasiyahan sa mga tao sapagkat nangahulugan ito na mabibigyan ng maayos na libingan ang kanilang yumao at manunumbalik sa normal na estado ang búhay at kalusugan sa Kamaynilaan. Malinaw para sa simbahan na ang pagpapatayô ng isang maayos na himlayan ang magpapabalik sa kaayusan at kultura ng paglilibing sa lipunang Pilipino (Carranceja 34).

Ang *Ayuntamiento* ay naglaan ng 30,000 piso para sa pagpapatayô ng sementeryo. Inasahang maitatayo sa lalong madaling panahon ang proyekto upang maisaayos muli ang mga lungsod at ang sistema ng paglilibing sa Kamaynilaan (Carranceja 35). Noong Agosto 3, 1864, mas pinagtibay pa nina Don Vicente Carranceja at Don Marcelo Ramirez ang pagpapatayô ng bagong sementeryo para sa ikagiginhawa ng kondisyon ng mga tao sa Maynila.

Sa pagpapalano sa sementeryo, naging pangunahing usapín din ang lahi at estado na maaaring ilibing sa bagong sementeryo. Dahil kakaunti lámang ang mga *nichos* na maaaring paglibingan sa mga parokyal na sementeryo, nagkaroon ng malaking korupsiyon sa pagbili ng *nichos* sa *Cementerio General de Paco*. Mula Enero hanggang Hulyo noong 1864, ang bawat *nicho* sa *Cementerio General de Paco* ay nagkahalaga ng 6,000 piso. Dahil sa mataas na presyo, karamihan sa mga Pilipino ay hindi na nakapaglibing ng bangkay ng kanilang mga yumao sa sementeryo sa halip, pinili na lámang nilang ibaon ang mga ito sa mga bakanteng lupa upang doon mabulok. Ang halaga ng mga *nicho* ay hindi káyang bayaran ng isang normal na Pilipino lalo't tumigil ang halos lahat ng pangunahing trabaho sa pagtama ng lindol at kalamidad. Kayâ ang hangarin ng bagong *cementerio general* ay maging bukás sa lahat ng Kristiyano na gustong maglibing sa sementeryo nang hindi kailangang magbayad ng mataas na presyo para sa mga *nicho* sa loob nito.

Nakita din ng Pamahalaang Espanyol ang benepisyo ng pagpapatayô ng bagong *cementerio general* na magkahiwalay ang libingan ng mga Tsino at libingan ng mga Katoliko. Para sa mga Kristiyano, ang mga paniniwalang Tsino ukol sa kamatayan ay nakasamá sa paniniwala ng mga Kristiyano. Sa pagpapatayô ng bagong sementeryo, pinaglaanan ng pondo ang pagpapatayô ng mas mataas na harang at pagdaragdag ng bílang ng *nichos* sa loob ng sementeryo ng mga Tsino. Kasama rin sa

plano ang pagpapatayô ng mga harang sa bagong *cementerio general* na dapat ay mas mataas kompara sa katabi nitong mga gusali upang matiyak ang seguridad ng bangkay at kaayusan sa mga kalapit na bayan gaya ng Santa Cruz, Tondo at Sampaloc (Carranceja at Ramirez 37-38).

Noong Agosto 30, 1864, inaprobahan ni Enrique Suenda ang pagpapatayô ng *cementerio general* sa San Lazaro sa pangunguna nina Don Vicente Carranceja at Don Marcelo Ramirez. Naglaan ang lokal na pamahalaan ng pondo at nagtalaga rin ng arkitektong mamamahala sa proyekto. Binigyang-tuon sa plano ang paglalagay ng maraming *nichos* sa bagong sementeryo na magiging solusyon sa kawalan ng espasyo sa naunang mga sementeryo. Ang disenyo ng *cementerio general* ay kahalintulad ng mga sementeryong nása Pransya, Gran Britanya at iba pang bansa sa Europa na malawak at malahardin ang atmospera upang maiba sa mga naunang sementeryong itinayo sa Pilipinas (Suenda 43). Nasa sentro ng *cementerio general* ang isang kapilya na magiging lundayan ng mga aktibidad para sa mga yumao. Ang ibang lugar o bahagi ng sementeryo ay maaaring patayuan ng mga mausoleo para sa mga pamilya na nais ilagay sa isang hiwalay na lugar ang bangkay ng kanilang mga mahal na yumao. Siniguro sa plano na mananatili ang pagiging sagrado ng itatayong sementeryo. Dapat iwasan din ang anumang labis na selebrasyon sa tuwing may ililibing upang hindi masira ang atmospera ng pagdadalamhati at katahimikan ng mga yumao (Suenda 44).

Ngunit sa pag-usad ng plano, lumaki ang pagtatalo sa magiging disenyo ng sementeryo. Sa unang plano, naging batayan ang mga sementeryo sa Europa ngunit napagtanto ng arkitekto na magiging malaking kaguluhan para sa mga Kristyanong Pilipino kung iibahin ang disenyo at hindi makasusunod sa disenyong naaayon sa kulturang kanilang nakagisnan. Kahit binigyan ng malaking pondo ang pagpapatayô ng sementeryo na susunod sa klase ng sementeryong mayroon sa Europa, hindi na ito natupad bagkus, mas binigyang-halaga ang nakagisnang kultura sa lipunang Pilipino pagdating sa paglilibing.

Sa muling pagsusuri sa lokasyon ng *cementerio general*, binanggit ni Ibañez de Aldeva ang kagandahan ng La Loma bílang lokasyon ng bagong sementeryo ayon na rin sa plano nina Don Vicente Carranceja at Don Marcelo Ramirez na ipinasuri kina G. Enrique Suenda, Don Quintin Mayuet at sa *arquitecto municipal*. Ayon sa ulat ni de Aldeva, mas madaling maitatayo ang sementeryo kung kakaunti lámang ang mga taong naninirahan sa paligid ng lupain. Mas maganda rin diumano kung gagawing katulad sa Europa ang magiging hitsura ng mga *panteon* sa loob ng sementeryo. Ang mga lupaing hindi na ginagamit sa paligid ng lokasyon ng sementeryo ay ibebenta na

lámang upang pagtayan din ng karagdagang *nichos* o kayâ, mga pasilidad ng sementeryo. Kailangan ding bawasan ang bilang ng *nichos*. Mula sa 5 hanay, dapat gawin na lámang itong 4. Kailangan din ng agarang pag-aproba ng pondo para sa pagtatayo nito sa La Loma (Aldeva 53).

Bilang tugon sa naunang ulat noong Enero 14, 1867, pinag-aralan ang kondisyon ng lupain sa La Loma at kung sino ang nagmamay-ari nito. Nang nalaman na ang mga Tsino ang nagmamay-ari, ipinagbili ng mga Tsino ang lupain sa malaking halaga bago payagang masimulan ang nasabing proyekto. Ang presyong ito ay lampas sa inilaang pondo ng pamahalaan para sa proyekto. Dahil dito, iminungkahi na muling maghanap ng bagong lokasyon para sa sementeryo upang hindi maging masamá ang tingin ng mga tao sa itatayong *cementerio general*. Napag-alaman din na masyadong malayò ang lokasyon ng sementeryo sa tiráhan ng mga tao na magiging dahilan upang mahirapan ang pamahalaan na makipag-ugnayan sa mga residente sa tuwing may mga probisyon o batas na ipatutupad para sa sementeryo. Sa kadahilanang ito, naging opsiyon ang lupain sa pamamahala ng *Hacienda de San Lazaro* kalapít ng *Hospital de San Lazaro* sa panulukan ng Calle Dulumbayan (Sr. Jose Rojas at Don Jose Soler 55-56). Naging mungkahi na magtayo na lámang ng isang *Cementerio de Cristianos* sa tapat ng ospital at sa kabila naman ay *Cementerio de Infieles* upang magkaroon ng pagkakahati ang paglalagakan ng bangkay ng mga Tsino at bangkay ng mga Kristiyano. Makikita sa Figura 1 ang plano para sa bagong lokasyon ng sementeryo.




Figura 1. “Konstruksiyon ng bagong sementeryo sa Hilagang bahagi ng *Hospital de San. Lazaro* noong Agosto 1868”, *Sober Construccion de un Cementerio General en Manila, Ministerio de Ultramar*, Archivo Historio Nacional, Madrid. Limbag.



Humiling ng panahon na mapag-aralan ang naging suhestiyon para sa ikagaganda ng proyekto. Ayon din sa ulat, mas madaling paalisin ang mga táong nakatira sa paligid ng *Hacienda de San Lazaro* kompara sa nása unang plano na suhestiyon nina Carranceja at Ramirez (Sr. Jose Rojas at Don Jose Soler 57). Ngunit ang planong ito ay tinutulan ng *Ayuntamiento* noong Setyembre 17, 1868 dahil ayon sa pagsusuri ng *arquitecto municipal* ay hindi maaaring bigyan ng pondo ang nasabing sementeryo sapagkat ito ay lalabag sa unang kautusan noong Nobyembre 11, 1864 na nagtatakda ng lokasyon ng sementeryo. Ito ay labag din sa karapatan ng dalawang *inspector general* na sina Vicente Carranceja at Marcelo Ramirez na tukuyin ang magiging lokasyon ng bagong sementeryo (*Obras Publicas* 60). Ayon sa kautusan ng hari noong Mayo 12, 1867, lahat ng batas sa proyekto ay manggagaling sa *Direccion de Obras del Exmo Ayuntamiento*. Mula sa pagpaplano, pag-aksiyon, hanggang sa pagbibigay ng pondo at seguridad sa lokasyon ay dapat sundin ng mga ahensiya na kasapi sa proyekto. Katulad ng nabanggit sa unang plano, mahalaga ang distansiya ng lupain sa tinitirhan ng mga tao. Hindi maaaring maging lokasyon ang *Hacienda de San Lazaro* dahil lalabagin nito ang aspektong iyon. Muling binanggit ang kalahagahan ng maayos na pagsusuri sa magiging lokasyon ng sementeryo sapagkat isang paraan ito upang mas maunawaan ang magiging kalakasan at kahinaan ng napiling lokasyon. Ang mga datos mula sa mga pagsusuri ay makatutulong sa mga awtoridad na mabigyang-halaga ang opinyon ng nakatataas sa pagpaplano ng sementeryo. Ang pagpaplano at pagpapatayô ng ibang sementeryo kasabay ng *cementerio general* ay tinutulan ng pamahalaan dahil magiging dahilan naman ito ng pagkaantala ng pagpapatayô ng sementeryo (Sr. Jose Rojas at Don Jose Soler 61).

Maraming pag-uusap at pagtatalo ang naganap sa pagpaplano ng bagong *cementerio general* na nakapagpatagal sa pagpapatayô nito. Sa mga panahong ito mahihinuha na naging sakripisyo para sa mga Pilipino na hintayin ang aksiyon ng pamahalaan sa kanilang suliranin sa paglilibing ng kanilang mga yumao. Nagdala ito ng kaguluhan at pagkabahala sa karamihan ng mga Pilipino na pílit na nakibagay sa takbo ng mga pangyayari sa panahong iyon. Dahil maraming naging konsiderasyon at pagtatalo sa pagpapatayô ng sementeryo ay naisantabi ang estado ng mga Pilipino at naging tagatanggap lámang sila ng mga probisyon mula sa Pamahalaang Espanyol.

Sa loob ng 18 taon mula 1864 hanggang 1882, naging mahabang usapin ang pagpapatayô sa bagong *cementerio general*. Nakita sa unang bahagi ng pagpaplano noong 1864 na kahit agaran ang pangangailangan sa pagpapatayô ng sementeryo, naging mahalaga na bigyang-konsiderasyon ang mga opinyon at suhestiyon ng iba't ibang ahensiyang kasapi sa pagpapatayô nito, katulad ng Kagawaran ng Kalusugan,

simbahan, at lokal na pamahalaan. Ito ay upang maipalano ang sementeryo sa Maynila ayon sa itinakdang panahon at gámit. Ngunit dahil din dito, naging matagal at pabagobago ang plano para sa sementeryo. Masasabi na sa panahong hindi naitatayo ang bagong *cementerio general*, bumabalik ang mga Pilipino sa sinaunang mga paniniwala ukol sa paglilibing upang hindi mawala ang kaginhawahan ng bangkay ng kanilang yumao. Ipinilit din ng iláng Kristiyanong Pilipino na mailibing ang mga bangkay sa loob ng sementeryo sa simbahan upang maisakatuparan lámang ang ritwal sa paglilibing ayon sa paniniwalang Kristiyano. Mula sa mga kuro-kurong ito, mahihinuha na ang *Cementerio General de La Loma* ay magiging mahalagang simbolo ng kaayusan ng paniniwala sa paglilibing sa pananaw ng mga Kristiyano at sa kabuuang kaayusan sa siklo ng búhay, kalusugan, at kamatayan sa lipunang Pilipino.

Noong 1881, sinuring muli ng mga opisyal ang kondisyon ng *Cementerio General de Paco* sa pangunguna ni Francisco de Paula Roderada upang ipaalam sa *Ayuntamiento* ang kahalagahan ng bagong sementeryo sa kaayusan ng Maynila (de Paula Roderada 71). Ayon sa ulat, kailangang maisaayos ang kondisyon ng *cementerio general* sa lalong madaling panahon upang mapigilan ang higit pang malaláng suliranin sa hinaharap. Kailangan ding bigyang-pansin ang patúloy na pagsusuri at pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan ng mga sementeryo. Naging suhestiyon din ni Roderada na ilipat ang mga bangkay sa mas maayos na sementeryo, malayò sa tinitirahan ng mga tao, upang hindi maapektuhan ang búhay ng mga residenteng kalapit nito (de Paula Roderada 73).

Noong Pebrero 21, 1882, ibinigay ni Antonio Ulloa, isang arkitekto, ang kaniyang mga komento sa mga ginawang pagbabago sa unang plano ng *cementerio general* ni Rodarada. Nagdagdag si Roderada ng mga gusali sa magiging bagong estetika ng sementeryo ngunit hindi niya naisaalang-alang ang uri ng lupa sa La Loma na maputik. Maaaring makasamá sa sementeryo at sa lupa kung patatayuan ng maraming gusali ang loob at labas nito (Ulloa 118). Bato ang pangunahing materyal na gagamitin sa pundasyon ng sementeryo dahil matibay ito ngunit hindi daw ito makabubuti sa gusali kapag umulan sa kadahilanang malambot ang lupang pagtatayuan nito. Ayon din kay Ulloa, dapat ilagay ang kapilya sa gitna ng sementeryo upang mas madaling matunton ang sentro ng aktibidad sa loob ng sementeryo. Mas madali ding maririnig ng mga kamag-anak ng mga yumao ang misa o ang huling ritwal na idaraos para sa mga yumao kung ilalagay ito sa gitnang bahagi ng sementeryo (Ulloa 120-122). Naging suhestiyon din ni Ulloa na dapat, ang opisina ng pari na itatayo sa loob ng sementeryo ay may taguán ng mga dokumento at kailangan, mayroon ding lugar para sa mga nagtatrabahong kawani. Ang pundasyon ng gusali ay dapat gawa

sa bato at ang haligi nito ay yari naman sa Molave. Para sa *nichos* na itatayo sa sementeryo, magtatalaga ng mga dibisyon kung alin lámang ang maaaring ibenta at parentahán. 576 na *nichos* ang ilalaan upang rentahán na may halagang 46.43 piso bawat isa. 288 *nichos* naman ang nakalaan para ibenta na nagkakahalaga ng 98.77 piso bawat isa (Ulloa 123). Isinama rin sa pagpapalano ang rekonstruksiyon ng sementeryo ng Tondo at *Cementerio General de Paco* upang muling mapakinabangan ang mga ito ng nakararami.

Noong Marso 8, 1882, ang plano ni Antonio Ulloa ay inaprobahan ng *Obras Publicas*. Naglaan ng pondong nagkakahalaga ng P139,390.37 para sa konstruksiyon ng sementeryo. Naglaan din ng P4,190 para naman sa serbisyo ni Ulloa (Enriquez 91). Sa buwan ding iyon ay nagpasá ng mga probisyon ang *Junta Superior de Sanidad* sa pangunguna ni Rafael Ginaro ukol sa mga rekomendasyon sa pagpapatayô ng bagong mga sementeryo. Sa pag-usad ng plano, nagbigay-mungkahi si Manuel Ramirez na gawing pangunahing *cementerio general* ang *Cementerio General de La Loma* dahil sa hindi maayos na kondisyon ng *Cementerio General de Paco*. Kung maisasakatuparan ang plano sa sementeryo, mas matutugunan nito ang pangangailangan sa *nichos* kompara sa unang *cementerio general*. Mas maganda rin ang bagong sementeryo lalo't hindi pa gaanong mataas ang bílang ng mga taong naninirahan malapit dito. Ang panukalang ito ay magsasaayos sa suliraning kinahaharap ng *cementerio general* sa Kamaynilaan (Ramirez 93). Humingi din ng tulong si Ramirez sa iba't ibang opisina ng pamahalaan upang suportahan ang proyekto lalo't noong 1864 pa dapat sinimulan ang pagpaplanong ito. Ngunit noong 1882 lámang ito muling pinag-usapan dahil sa mabagal na pag-usad ng mga papeles sa pagpapatayô ng sementeryo. Napatunayan naman sa plano noong 1864 ang pangangailangan sa sementeryo. Ang pagkaantala nito ay naging dahilan ng hindi masolu-solusyonang problema sa masamáng epekto ng mga bangkay mula sa iba pang mga sementeryo (Ramirez 94).

Ang napiling disenyo para sa *cementerio general* ay mas nagustuhan ng mga opisyal na Espanyol lalo't ito ang itsura ng mga sementeryo sa Europa at Estados Unidos. Ngunit sa Pilipinas, ito ay itinuring pa ring kakaiba sapagkat karamihan sa mga Kristiyanong Pilipino at *Indio* ay naniwala pa rin sa sinaunang paraan ng paglilibing sa mga bangkay na inilalagak sa ilalim ng lupa. Sa pagpapatayô ng *Cementerio General de La Loma* sa lipunang Pilipino, binuksan ng mga Espanyol sa mga Pilipino ang isang modernong paraan ng paglilibing na naaayon naman sa kaalamang mula sa Europa. Alam ng pamahalaan at simbahan na hindi nila tuluyang mababago ang nakasanayan ng mga Pilipino na uri ng paglilibing sapagkat sa panahong kailangang-kailangan nila ng isang sementeryo, hindi ito naging handa na mabigyan ng kaginhawahan ang

bangkay ng kanilang mga yumao (Ramirez 100).

Naging isyu sa pagpapatayô ng sementeryo ang inilaang pondo para rito. Ang pagpapalano noong Hunyo 20, 1864 sa ikalawang *cementerio general* ay hindi natulôy dahil sa masamang kondisyon ng mga lupain sa Kamaynilaan na hindi makatutulong sa pagpapabulok ng mga bangkay. Hindi pumayag ang *inspector general* sa plano ng Pamahalaang Espanyol dahil magdadala lámang ito ng mas malaking suliranin kung ito ay natuloy sa taóng 1864 (*Ministerio de Ultramar* 003). Hindi rin naging praktikal ang plano sa sementeryo ni Antonio Ulloa sapagkat malaking pondo ang kakailanganin para lámang sa mga halaman na ilalagay sa sementeryo. Ayon sa obserbasyon ng *Ministerio de Ultramar*, dapat ay pinaglaanan na lámang ng pondo ang *nichos* na maaaring idagdag sa *Cementerio General de La Loma*. Ngunit dahil sa ito ay inaprobahan ng *Ayuntamiento de Manila*, hiniling na sa loob ng 2 taon ay maitayo na ang sementeryo na nakalapat sa mga suhestiyon ng *Ministerio de Ultramar* (*Ministerio de Ultramar* 007-009).

Sa pagsapit ng buwan ng Agosto, isang epidemya ang muling tumama sa Kamaynilaan na naging dahilan upang pabilisin pa ang pagpapatayô ng *Cementerio General de La Loma*. Sa pagtama ng kolera noong Agosto 20, 1882 sa Maynila, umabot sa 1,300 ang namatay kada araw at sinasabing 30,000 ang namatay sa mga lungsod at karatig-probinsiya sa loob lámang ng isang linggo (Kohn 305). Karamihan sa mga bangkay na namatay mula sa kolera ay inilagay lámang sa gilid ng *Hospital de San Lazaro* at hindi nabigyan ng maayos na libingan sapagkat noong mga panahong iyon ay mayroon pa ring kakulangan sa espayo. Naging dahilan ito upang mabulok na lámang ang mga bangkay at mas dumami ang mga nagkakasakit sa lungsod (Kohn 306). Ayon na rin sa mga naunang ulat hinggil sa bílang ng mga bangkay sa mga sementeryo sa Kamaynilaan, hindi káya ng kapasidad ng mga ito na ilibing ang malaking bílang ng mga bangkay sapagkat masyadong maliit ang espasyong natirá sa mga sementeryo sa Kamaynilaan (De Viana 101).

Dahil dito, noong Setyembre 16, 1882, kahit sinisimulan pa lámang ang pagpapatayô ng *Cementerio General de La Loma* ay ginamit na ang mga espasyo nito upang paglibingan ng mga táong namatay dahil sa kolera (*Gobierno General de Filipinas* 202-211). Ayon sa ulat, sa loob lámang ng dalawang araw mula nang tumama ang kolera, 339 na ang naitaláng bangkay na dinala sa sementeryo. At dahil 5,500 lámang ang kapasidad ng *Cementerio General de La Loma*, ang mga bangkay ay inilipat na lámang sa mga karatig-sementeryo upang hindi agad mapunô ang bagong sementeryo. Maaari ding gamitin ang *Cementerio de Chinos* na malápit lámang sa

sementeryo ng La Loma upang mapaglibingan ng mga bangkay. Kahit maraming hindi sang-ayon sa ganitong paglilibing sa sementeryo ng mga Tsino, ito lámang ang tanging paraan upang mabigyan ng karampatang ritwal ang katawan ng mga yumao. Maaaring bilhin din ng pamahalaan ang bahagi ng *Cementerio de Chinos* na magagamit sa paglilibing upang magkaroon pa rin ng pagkakahiwalay ang mga Katoliko at mga Tsino. Hiniling din sa probisyong ito ang pagbili ng 12 ektaryang lupain upang lumawak pa ang sakop ng La Loma. Ngunit dahil sa malaki na ang gastos ng pamahalaan sa nasabing proyekto, naging suhestiyon na gamítin ang ipon ng mga lokal na pamahalaan upang maisakatuparan lámang ang pagbabagong ito (*Gobierno General de Filipinas* 202-211). Sa loob ng dalawang taon ay naisakatuparan ang pagpapatayô sa *Cementerio General de La Loma* kahit na may kinaharap na suliranin ang buong Kamaynilaan. Sa taóng 1884, natapos ang plano alinsunod sa inaprobahang kontrata sa pagpapatayô ng sementeryo. Nagkaroon ng iláng pagbabago sa plano dahil na rin sa hindi inaasahang bílang ng mga yumao sa panahong iyon. Katulad sa naunang *Cementerio General de Paco*, ang hindi inaasahang bílang ng mga bangkay mula sa epidemya ang naging dahilan upang mabago ang kondisyon ng sementeryo sa mga sumunod na taon. Ngunit ang pagkakatayô sa sementeryo ng La Loma ay nakatulong upang kahit paano ay maibsan ang maaari sanang mas malaking problema sa paglilibing dahil sa iba't ibang suliranin noong ika-19 na dantaon.

### **ANG GAMPANIN NG CEMENTERIO GENERAL DE LA LOMA SA LIPUNANG PILIPINO NOONG IKA-19 NA DANTAON**

Ang iba't ibang suliraning pangkalusugan at pangkapaligiran noong ika-19 na dantaon ay nagbunsod ng kaguluhan, tákot, at pangamba sa mga residente ng Kamaynilaan sa nasabing panahon. Nagkaroon ng iba't ibang ordinasa o/at batas ang Pamahalaang Espanyol upang masigurong manunumbalik sa normal na siklo ang búhay ng mga táong nasa kanilang pamamahala. Ang ganitong uri ng mga pangyayari sa kasaysayan ng isang bansa o/at lugar ay direktang nakaapekto sa ordinaryong mga mamamayan na kadalasan ay nasa mababang antas ng lipunan. Ayon na rin sa mga obserbasyon ng pamahalaan at kaparian, gumawa din ng iba't ibang hakbang ang mga Pilipino o mga *Indio* upang kahit paano ay mabawasan ang masamang epekto ng mga suliraning ito sa kondisyon at estado ng kanilang búhay at kalusugan.

Itinuring ang *Cementerio General de La Loma* bílang isa sa pinakamalalaking himlayan at proyektong pansantasyon ng Pamahalaang Espanyol pagkatapos ng lindol noong 1863. Gayunpaman, ang pagkakatatag at pagpapatayô ng sementeryo ng La Loma noong 1884 ay hindi nangahulugang natapos na rin ang mga suliranin sa

mga bangkay na bunsod ng epidemyang kolera at ang nauna pang mga suliranin sa Kamaynilaan. Ang *Junta de Sanidad* ang naatasan ng Pamahalaang Espanyol na sumuri sa kondisyon ng sanitasyon sa mga sementeryo at tiyaking nasusunod ng mga namamahala nito ang mga probisyong inilatag ng lokal at kolonyal na pamahalaan. Ang opisina ng ito ang direktang tumugon sa pangangailangang panatilihing maayos ang mga sementeryo sa Pilipinas upang hindi magdulot ng panganib sa buhay ng mga Pilipinong gumamit nito. Ang *Junta de Sanidad* ay may kakayahang magpasara ng isang sementeryo kung ito ay napatunayang hindi sumusunod sa mga itinakdang batas ng pamahalaang kolonyal para sa ikabubuti ng kondisyon ng sanitasyon sa Kamaynilaan (De Viana 118). Noong 1864 hanggang 1883, ang *regidores* ang namahala sa pag-aaproba sa mga maaaring ilibing sa loob ng mga sementeryo sa Kamaynilaan. Naging aksiyon ito ng pamahalaang kolonyal upang maiwasan ang labis na bilang ng mga bangkay sa loob ng mga sementeryo lalo na kung hindi maayos ang kondisyon ng mga lupain at *nichos* nito. Paraan din ito upang maiwasan ang ilegal na paglilibing at bentahan ng *nichos* sa loob ng mga sementeryo (Ramirez, 3219-3223). Karamihan sa mga naapektuhan ng inilatag na probisyon ng pamahalaan ay ang mga Pilipino na nakalibing sa gilid ng mga sementeryo. Dahil sa hindi permanente ang mga espasyo sa loob ng mga sementeryo at kailangang magbayad ng renta kada 2-5 taon, ang mga ito ay ipinatanggal ng pamahalaan upang mabawasan ang bilang ng mga yumao sa gilid ng mga sementeryo na nakasamâ diumano sa atmospera ng buong lugar. Ayon sa ulat ni Don Jose de Antelo, ang tagasuri ng kondisyon ng mga sementeryo, kahit na tinupad ng *regidores* ang kanilang tungkulin, hindi nito napigilan ang mga Pilipino na maglilibing sa iba't ibang lugar sa mga sementeryo lalo't bahagi na ito ng kulturang Kristiyano na itinanim sa kanilang pananaw at paniniwala.

Karamihan sa mga probisyong ipinasá ng pamahalaang kolonyal ay patungkol sa mga ritwal at paraan ng paglilibing na isinagawa ng mga Pilipino. Nais ng gobyerno na ipagpatúloy ng mga Pilipino ang mga kagawiang Kristiyano kahit na nakaranas ng kaguluhan ang Kamaynilaan. Ang mga probisyong ito ay nagdala ng mas malalâng suliranin sa ibang mga sementeryo sa Kamaynilaan katulad ng *Cementerio General de Paco* na hindi na nagamit dahil sa di-matiis na sangsang mula sa mga nabubulok na bangkay ng mga yumao (de Antelo 2806). Dahil na rin sa kondisyon ng mga sementeryong parokyal at *Cementerio General de Paco*, ang *Cementerio General de La Loma* ang naging pangunahing sementeryo sa Kamaynilaan na pinagdalan ng labî ng mga yumao mula sa iba't ibang panig ng Maynila. Gayunpaman, dahil sa hindi inaasahang mga pangyayari, kahit hindi pa tuluyang natatapos ang konstruksiyon ng buong sementeryo ay hindi na ito tumanggap ng mga bangkay upang ilibing noong 1883. Ito ay sa kadahilanang hindi na kinâya ng sementeryo ang malaking bilang ng

mga bangkay na inilagak dito. Ang pagtigil sa pagtanggap ng mga bangkay sa sementeryo ay nagbunga rin ng iba't ibang masasamang reaksiyon mula sa mga residente ng Maynila na umasa sa sagsay nito. Isa na rito ay ang puna na ang sementeryo ng La Loma ay hindi na raw nakabuti sa kalusugan ng mga táong pumunta at nakatira malápit dito sapagkat ang kondisyon ng nasabing lugar ay tilà natulad na sa naunang mga sementeryo sa Maynila (de Antelo 2806).

Upang maibsan, kahit paano, ang pagkabahala ng mga residente ng Maynila sa nangyari sa sementeryo ng La Loma, naging pangunahing tuon ng pamahalaang kolonyal ang sanitasyon ng Kamaynilaan upang muling maging kaaya-aya ang imahen ng mga sementeryo sa mata ng mga Kristiyano. Noong Setyembre 30, 1888, pinaalalahanan ng *gobernador-general* ang *Corregimiento de Manila* na ipatupad nang maayos ang mga batas hinggil sa kalinisan at seguridad sa iba't ibang sementeryo sa Kamaynilaan. Hiniling din ng *gobernador-general* ang ulat sa kondisyon at maaaring plano para sa mga sementeryo sa Maynila upang muli itong mapakinabangan ng mga residente (*Cementerios* 2806). Gayunpaman, hindi naging garantiya ang mga batas na ipinatupad ng Pamahalang Espanyol upang matugunan ang lumalalâng kondisyon sa mga sementeryo. Nagkaroon din ng sigalot at hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga opisyal ng simbahan at ng mga nangangasiwa sa sanitasyon ng mga sementeryo sa kung ano nga ba ang mabuti at akmalang gawin sa mga ito. Marami ring opisyal ang hindi sumunod sa mga probisyon ng pamahalaan pagdating sa sanitasyon, at ang ilan pa nga sa kanila ay hindi nag-ulat ng tunay na kondisyon ng mga sementeryo sa Kamaynilaan.

Maliban sa *Junta de Sanidad* na ang pangunahing tungkulin ay ang pamahalaan ang kondisyon at sanitasyon ng mga sementeryo sa Kamaynilaan, marami ring ahensiya ng pamahalaan ang pilit na tumulong upang mas mapabuti ang kondisyon ng mga sementeryo sa nasabing lugar. Noong Setyembre 20, 1889, naglabas muli ng probisyon ang *Corregimiento de Manila* sa lahat ng *regidores*, mga inspektor sa mga sementeryo, at mga *medico titular* na hindi dapat tumigil sa kanilang mga opisina ang kanilang kaalaman tungkol sa pagpapanatili ng kaayusan, kalinisan at seguridad ng mga sementeryo sa Maynila. Bagkus, dapat itong makaabót sa nasasakupan nilang mga *pueblo* o/at *barangay* upang maging matagumpay ang mga ordinansa at batas ng Pamahalaang Espanyol. Ang probisyong ito ay hindi lámang para sa mga naninirahan sa Kamaynilaan kundi pati na rin sa mga nakatirá sa mga karatig nitong lalawigan upang masiguro na ang lahat ng mga mamamayang sákop ng Pamamahalang Espanyol ay mananatiling ligtas sa kapahamakan o maging sa kamatayan.

Sa kabuuan, masasabing ang pagkakatatag ng *Cementerio General de La Loma* ay nakatulong sa sanitasyon at kaayusan ng mga bangkay sa Kamaynilaan sa panahon ng mga suliranin sa lipunang Pilipino noong ika-19 na dantaon. Kahit hindi nailibing ang mga bangkay sa Maynila sa kabuuan, pinasan nito ang maaaring mas malaking suliranin na kakabit ng hindi maayos na paglalagak ng mga bangkay sa iba't ibang lugar na kadalasan ay tiráhan din ng mga residente ng lungsod. Ang mga ordinansa o/at probisyon ng *Junta de Sanidad* ay masasabing nakatulong sa pagpapanatili ng kaayusan at seguridad sa mga sementeryo sa Kamaynilaan. Ang mga batas na ito ang naging batayan upang maging ligtas ang itatayo pang mga sementeryo sa ibang probinsiya sa Pilipinas sa Panahon ng mga Espanyol. Isang indikasyon ito na nais ng mga Espanyol na hindi na maulit ang kaguluhan at tákot na dalá ng kawalan ng maayos na sistema sa huling himlayan para sa mga Kristiyanong Pilipino. Ang epekto ng mga probisyong ipinasá ng *Junta de Sanidad* ay nagpatúloy sa ilalim ng pamamahala ng mga Amerikano na naglayong mas palawakin ang sákop ng *Cementerio General de La Loma* at dagdagan ang mga sementeryo sa Kamaynilaan. Ang pagkakaroon ng maayos na sistemang pansanitasyon at pamamahala sa mga sementeryo ay nakatulong upang mas pahalagahan ng mga Pilipino ang mga sementeryo bílang kaugnay ng kanilang estado sa búhay, kalusugan, at kultura sa paglilibing. Ang iba't ibang pangyayari noong ika-19 na dantaon ang nagbigay ng mas malalim na kabuluhan sa mga sementeryo na bukod sa pagiging espasyo para sa mga yumaong Kristiyano ay naging daan din upang ayusin ang sistemang pansanitasyon sa Kamaynilaan upang mapanumbalik sa normal ang siklo ng búhay, kalusugan at kamatayan ayon sa paniniwalang Pilipino. Mahihinuha na ang pagpapatayô ng sementeryo ng La Loma ay paraan ng Pamahalaang Espanyol upang masiguro na hindi magiging dahilan ang masamang karanasan ng mga Pilipino noong panahong iyon upang bumalik ang mga ito sa kinagisnang paniniwala at sistema ng paglilibing na nakaugat pa sa kanilang sinaunang mga paniniwala. Ngunit katulad ng nabanggit sa mga talâ at obserbasyon ng mga Espanyol, masasabing karamihan sa mga Pilipino ay hindi naging kontento sa serbisyo ng pamahalaan para mabigyan ng agarang solusyon ang kanilang naranasang kaguluhan sa paglilibing kayâ ang karamihan sa kanila ay ipinagpatúloy ang sinaunang paraan ng paglilibing para lámang hindi mawala ang kaginhawaan ng kanilang mga yumao. Ang buong kasaysayan ng *Cementerio General de La Loma* ay isang magandang halimbawa ng kahalagahan ng himlayan sa búhay at kultura ng mga Pilipino na mas yumabong at lumalim pa sa bawat panahon sa pagdaloy ng kasaysayan ng lahing Pilipino.



## KONGKLUSYON

Mula sa panahong naitayo ito hanggang sa kasalukuyan, ang *Cementerio General de La Loma* ay nagsilbing kanlungan at huling hantungan ng mga yumaong Pilipino at dayuhan. Ang naging ambag at gampanin nito sa pagpapayabong ng paniniwalang Pilipino hinggil sa paglilibing at ritwal para sa mga yumao ay hindi matatawaran kahit na hindi nito nailibing ang lahat ng mga bangkay dulot ng tumamang mga suliraning pangkalusugan at pangkapaligiran sa Panahon ng mga Espanyol. Ito ay nagsilbi pa ring simbolo ng kaayusan, kaginhawaan, at pagrespeto sa paniniwalang Kristiyano noong ika-19 na dantaon. Ang iba't ibang pangyayari sa kasaysayan nito ay naging batayan ng sumunod na mga mananakop sa magiging patakaran nila sa itatayong mga pampublikong sementeryo sa Kamaynilaan gaya halimbawa ng *Cementerio del Norte* na noong Panahon ng mga Amerikano ay tumuon sa paglalaan ng mas malawak na himlayan para sa mga residente ng Kamaynilaan at mga karatig-probinsya nang walang pinipiling relihiyon o nasyonalidad. Ibig sabihin, ang pagkakabuo ng *Cementerio General de La Loma* ay isang hakbang upang higit pang makita ng mga Kristiyanong Pilipino ang mga sementeryo sa lipunang Pilipino bilang isang lugar na magdudulot ng kaayusan at kaginhawaan sa siklo ng búhay at kamatayan sa ilalim ng Pamahalaang Espanyol.

Sa kasalukuyan, isang pribadong sementeryo na ang *Cementerio General de La Loma* na mas kilalá na bilang *La Loma Catholic Cemetery*. Mas lumawak na rin ang sákop nitong mga siyudad gaya ng Lungsod ng Quezon at Lungsod ng Caloocan. Ang modernisasyon at pagbabago ng mga patakaran ng lokal na pamahalaan para sa sementeryo ay nagbunsod ng maraming pagbabago sa anyo, polisiya sa paglilibing, at kabuoang disenyo at plano ng buong sementeryo ng La Loma. Kasama na rito ang pagdami ng *informal settlers* o mga táong naninirahan sa mga paligid nito dahil sa libre at malápit ito sa kanilang pinagkukunan ng pagkakakitaan sa loob ng Kamaynilaan. Naging kanlungan ang sementeryo ng La Loma ng mga maralitang tao na gustong magkaroon ng permanteng tiráhan sa gitna ng kaguluhan sa Maynila.

Kahit na napakikinabangan pa rin ang *Cementerio General de La Loma* sa Kamaynilaan, hindi malinaw sa mga administrador, mga may-ari ng *nicho*, at mga táong nakatirá sa loob at paligid nito ang naging gampanin nito sa pagsasaayos ng Kamaynilaan sa panahon ng epidemya at kaguluhang pangkapaligiran. Nais ng pag-aaral na ito na ipaunawa sa mga Pilipino na hindi lámang isang ordinaryong impraestruktura o/at lugar-himlayan ang sementeryo ng La Loma maging ang iba pang sementeryo sa lipunang Pilipino, dahil makikita sa kasaysayan ng mga ito ang

pagnanasa ng mga tao ng isang maginhawang kamatayan at maayos na huling hantungan para sa mga yumao na likás na sa paniniwalang Pilipino noong nasa sinaunang lipunan pa lámang. Nagbago man ang anyo at lokasyon ng mga sementeryo, ang kabuluhan at saysay ng mga ito ay nanatili at higit pang napagyaman bunsod ng iba't ibang pangyayaring nasaksihan ng mga ito sa kasaysayan. Mahalagang kilalanin na ang mga espasyong ito ay bahagi ng identidad at kultura ng mga Pilipino na dapat ay hindi hayaang masira bagkus ay nararapat pa ngang pagyamanin at ipreserba. Katulad din ng mga bangkay ng mga yumao na nakalibing sa mga lupain ng La Loma, nawa'y hindi natin maibaon sa limot ang naging mahalagang ambag nito sa lipunang Pilipino na hanggang sa hinaharap ay magiging bahagi ng mayamang kultura at kasaysayan ng mga sementeryo sa Pilipinas.

## BIBLIYOGRAPIYA

### MGA PRIMARYANG SANGGUNIAN

#### Mga Ulat at Plano sa Pagtatayo ng Sementeryo

“Circulares y decretos relativos a Cementerios.” *Cementerios*. Philippine National Archives, Manila. Print.

“Decretos sobre cementerio.” *Cementerios*. Philippine National Archives, Manila. Print.

“Dictamen de la comision para informar en el Proyecto de Reglamento presentado por el Exmo. Ayuntamiento para la fundacion de un Nuevo cementerio en la jurisdiccion de Manila.” *Cementerios*. Philippine National Archives, Manila. Print.

“Expediente se da cuenta de las mas condiciones del actual cementerio de La Loma y se consulta una solucion interina respect a tan importante asunto.” *Cementerios*. Philippine National Archives, Manila. Print.

“Expediente sobre clausura del Cementerio actual de la Cabecara del Distrito por cerece de las condiciones necesarias, Tarlac.” *Cementerios*, Philippine National Archives, Manila. Print.

“Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas.” *Aprobación del proyecto de construcción de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.

Antonio Ulloa. “Direccion de Obras del Exmo. Ayuntamiento de Manila. generales aprobadas por Real Decreto de 25 de Diciembre de 1864, debean regir en la ejecucion de las obras de construccion de un nuevo cementerio para esta Capital.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.

\_\_\_\_\_. “Memoria en cumplimiento de acuerdo del Exmo Ayuntamiento de fecha 23 de marzo, Manila 21 de Pebrero de 1882. Direccion de Admin y Fornento.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.

- Corregimiento de la M.N.Y.S.L Ciudad de Manila. “En cumplimiento de Acuedo del exmo Ayuntamiento en Cabolio Ordinario del dia de ayer romitase este expediente al Arquitecto municipal para que forme proyecto plano y presupuesto de la construccion del nuevo cementerio en la forma acordado en el decreto de este Corregimiento de 11 de Noviembre de 1864= Hagase saber ala Comision nombrada para efectuar la demarcacion del terreno necesario para la construccion del referido cementerio ala que se asvecara el Sor Corrigidor y los dos Alcaldes, pwesda ala designacion y demarcacion del mismo , previo reconveimiento de los sitios presupuesto .Ascarraga. Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.
- Gobierno General de Filipinas. “Acusado recibo del telegram del ministerio de ultramar relative dela construccion del Nuevo cementerio general de esta capital y dando cuenta de las medidas para realizar los primeros trabajos” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.
- Manuel Enriquez. “Corregimiento de la M.N. y S. L Ciudad de Manila. Exmo. Sr. En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.
- Parroquia de Santa Cruz de Manila. “Enterado del atento oficio de ese Corregimiento fecha de ayer relativo a que el Cementerio general de Dilao es insuficiente a contener los cadaveres que diariamente son sepultados en el mismo , procedentes de , Intramuros de los arrabales de Bimondo Quiapo y San Miguel y pueblo de Hermita, Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.
- Sr. Gobernador Superior Civil. “Corregimiento de la M.N.Y.S. L Ciudad de Manila, Manila 7 de Mayo de 1865. Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.
- Sr. Jose Rojas at Don. Jose Soler. “Don Vicente Carracaja sin informe el expediente sobre construccion de un Nuevo Cementerio remitase este expediente a los Senores Regidores. Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.
- Yranzo. “Dese cuenta al Exmo. Ayuntamiento en 1st seccion. Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.
- Vicente Carranceja at Marcelo Ramirez. “Corregimiento de la Ciudad de Manila.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.
- \_\_\_\_\_. “Islas Filipinas, Inspeccion General Obras Publicas.” *Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila*. Archivo Historico Nacional, Madrid. Print.

## MGA SEKONDARYANG SANGGUNIAN

### Mga Aklat

- Alarcon, Arch. Norma I. *Philippine Architecture during the Pre-Spanish and Spanish Periods*. España, Manila: University of Santo Tomas, 1991. Print.
- Banas, Raymundo C. *Brief Historical Sketches of the Philippine Catholic Churches*. Manila: Commonwealth Press, 1937. Print.
- Barretto- Tesoro, Grace. *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2016. Print.

- Camagay, Maria Luisa T. *Kasaysayang Panlipunan ng Maynila, 1965-1898*. Diliman, Quezon City, University of the Philippines Press, 1992. Print.
- \_\_\_\_\_. *Working Women of Manila in the 19th Century*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1995. Print.
- De Viana, Lorelei D.C. *Three Centuries of Binondo Architecture: 1594-1898*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2001. Print.
- De Bevoise, Ken. *Agents of Apocalypse: Epidemic diseases in the colonial Philippines*. Quezon City: New Day Publisher, 2002. Print.
- Dery, Luis Camara. *Pestilence in the Philippines: A Social history of the Pilipino People, 1571-1800*. Quezon City: New Day Publishers, 2006. Print.
- Gaerlan, Martin R. *A Requiem for Cementerio Balic-Balic, Sampaloc, Manila (1884-1925)*. Quezon City: Central Books, 2014. Print.
- Klassen, Winand. *Architecture in the Philippines: Pilipino Building in a Cross-Cultural Context*. Cebu City: University of San Carlos Press, 2010. Print.
- Kohn, George. *Encyclopedia of Plague and Pestilence: From Ancient Times to the Present*. New York: Fact on Life, Inc, 2008. Print.
- Lico, Gerard. *Arkitekturang Pilipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2008. Print.
- Lubang, Jeffrey Alfaro. *Pantyon: Ilang Pamahiin, Tradisyon, at Kuwento ng Paglilibing sa Kabite*. Manila: IGE Ramos Design Studio, 2017. Print.
- Newson, Linda. *Conquest and Pestilence in the Early Spanish Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009. Print.

### **Mga Journal**

- Cruz, Isagani. "The Social, Political and Cultural Life of Manila in the 19th Century." *Manila: History, People and Culture* (1989): 408-16. Print.
- Dakudao, Michaelangelo E., "The Development of Cemeteries in Manila before 1941," *Philippine Quarterly of Culture and Society* 20 (1992): 133-150. Print.
- Dery, Luis. "Maynila at Lusong Noong Ika-17 at Ika-18 Na Dantaon." *Selected Papers of the Annual Conferences of the Manila Studies Association* (1994): 68-99. Print.
- De Viana, Lorelei. "Architectural Development in Spanish Colonial Binondo." *Endangered: Papers from the First International Congress on Fil-Hispanic Architecture* (2002): 82-93. Print.
- \_\_\_\_\_. "Public Sanitation and Cemeteries in 19th Century Manila" *Unitas*, Vol 77, No. 1 (2004): 87-132. Print.
- Lopez del Castillo-Noche, Manuel Maximo, "Nacio Fallecio: The Art and Architecture of Spanish Colonial Baptistery and Cemeteries in the Philippines," *Unitas*, 78:1 (2005):66. Print.
- Pearson, Mike Parker, "The Archeology of Death and Burial" *Texas A&M University Press College Station* (March 1999) 1-20. Print.
- Zayas, Cynthia Neri, at Eufrazio Abaya. "Kaginhawaan: Mula sa Sinapupunan Hanggang sa Kabilang Buhay." sa *Ginhawa, Kapalaran at Dalamhati: Essays in Well-being, Opportunity/Destiny, and Anguish* nina Consuelo Paz et. al (2008): 30-45. Print.

## TUNGKOL SA AWTOR

Si **CHEN V. RAMOS** ay nagtapos ng Master of Arts in History sa De La Salle University, Manila at Bachelor of Secondary Education major in History with Undergraduate Specialization in Reading sa Philippine Normal University, Manila. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang kaniyang Doktorado sa Kasaysayan sa University of the Philippines, Diliman. Siya ay nagturo ng Araling Panlipunan sa Elizabeth Seton School at naging House Coordinator ng nasabing paaralan mula 2015 hanggang 2016. Sa kasalukuyan, nagtuturo si G. Ramos ng mga asignaturang pangkasaysayan sa Kaunlaran Senior High School sa Navotas at sa San Beda University sa Maynila.